Glossary (Talahulugan)

Antenatal- Bago manganak
Birth plan- Balak sa panganganak
Choices of Care during pregnancy and birth- Mga Pagpipilian sa Pagkaka-alaga habang nagdadalantao at sa panganganak
Community midwife care- Pagkaka-alaga mula sa kumadrona ng komunidad
Continuity of Care- Patuloy na Pagkaka-alaga
Domiciliary Visits- Mga Pagbibisita sa Bahay
General Practitioner care- Pagkaka-alaga ng inyong lokal na Doktor
Home birth- Panganganak sa Bahay
Lactation Consultant- Tagapayo sa Pagpasuso
Post-natal depression- Lubos na kalungkutan pagkatapos manganak
Models of Care- Mga Modelo sa Pagkaka-alaga
Risk Assessment- Pagtasa ng Peligro
Shared Care- Nagtutulungang Pagkaka-alaga
Specialist obstetrician care- Pagkaka-alaga ng isang doktor na dalubhasa sa pagpapanganak
Standard public hospital care- Pangkaraniwang pagkaka-alaga sa pampublikong ospital
Team midwifery care- Pagkaka-alaga mula sa pangkat ng mga komadrona

Bago manganak- (Antenatal)
Prenatal - Bago manganak at/o habang nagdadalantao
itaas

Pagkaka-alaga sa Birth Centre -
Nagbibigay ng partikular na pilosopiya ng pagkaka-alaga sa mga kababaihan na tinatayang kaunti lamang ang peligrong magka-komplikasyon. Ang pilosopiya ng pagkaka-alaga ay kadalasang kasama: ang isang pamaraang nakasentro sa pamilya, pagsali ang mga magulang sa pagdesisyon, pagbawas ng pagkakahiwalay sa pamilya at pagtaguyod sa maayos na pag-uwi sa bahay; pagsuporta sa mga komadrona bilang pangunahing tagapag-alaga; ang pagtaguyod ng pagdadalantao at panganganak bilang isang malusog na bahagi sa buhay sa karamihang kababaihan na nangangailangan lamang ng kaunting pakikialam. Ang pagkaka-alaga ay gagawin sa isang tagong bahagi ng ospital, kadalasang katabi ng pagsilangang silid, o isang gusaling hiwalay sa ospital na may isa o higit pang pagsilangang silid, na inayos katulad sa bahay: may katabing paliguan at kusina at salas na para sa lahat.
itaas

Balak sa panganganak- (Birth Plan)
Isang nakasulat na mensaheng nagbubuod ng kagustuhan ng isang babae o pamilya tungkol sa pagkasilang ng kanilang anak. Ito ay isang paraan upang mabuksan ang mga daanan ng komunikasyon sa pagitan ng mga nag-aalaga at ang mga kliyente. (Health Department of Victoria, 1990; Having a Baby in Victoria, p.9)
itaas

Ang mga pagpipilian sa pagka-alaga habang nagdadalantao at sa panganganak (Choices of Care)

- Pangkaraniwang pagkaka-alaga sa pampublikong ospital – Ang mga kababaihan ay pupunta sa ospital para sa lahat ng mga aspeto ng pagkaka-alaga (bago manganak, sa panganganak at pagkatapos manganak). Sila ay aalagaan ng mga tauhan ng ospital.
- Pagkaka-alaga mula sa lokal na doktor – Ang mga kababaihan ay pupunta sa kanilang lokal na doktor para sa pagkaka-alaga bago manganak kung saan sila ay ma-eskedyol para manganak sa isang ospital na makapasok ang doktor. Ang kanilang lokal na doktor ang mag-asikaso sa kanilang panganganak at bibisitahin sila sa ospital pagkatapos manganak. Ang mga komadrona sa ospital ang mag-aalaga sa kanila sa panganganak at sa pang-araw-araw na pagkaka-alaga sa ospital pagkatapos nilang manganak.
- Pagkaka-alaga ng isang dalubhasa sa panganganak – Ang mga kababaihan ay pupunta sa doktor na dalubhasa sa panganganak para sa pagkaka-alaga bago manganak sa isang pampubliko o pribadong ospital kung saan kilala ang dalubhasa sa panganganak. Ang doktor na dalubhasa sa panganganak ang magpapa-anak at bibisita sa kanila sa ospital pagkatapos manganak. Ang mga komadrona sa ospital ang mag-aalaga sa kanilang panganganak at sa pang-araw-araw na pagkaka-alaga sa ospital.
- Tulungang pagkaka-alaga - Ito ay isang napagkasunduang kaayusan sa pagitan ng isang ospital sa panganganak at ang lokal na doktor o 'Community Health Centre' sa pagkaka-alaga bago at pagkatapos manganak. Paminsan-minsan ang pagkaka-alaga ay pagtutulungan ng doktor na dalubhasa sa pagpapanganak, lokal na doktor at ospital. Ang mga kababaihan ay pupunta sa lokal na doktor sa karamihang pagkaka-alaga bago manganak at magsilang sa ospital at babalik din sa kanilang lokal na doktor pagkalabas sa ospital.
- Pagkaka-alaga ng pangkat ng mga komadrona – Tinatanggap ng konseptong ito ang patuloy na pagkaka-alaga sa kahabaan ng pagdadalantao, panganganak at pagtira sa ospital. Isang pangkat ng mga komadrona ang mag-aalaga sa mga kababaihan habang nagdadalantao at sa panganganak. Sa mga kababaihan na tinatayang maliit lamang ang peligrong magkakomplikasyon, ito ang kanilang pangunahing pagkaka-alaga at pupunta lamang sa pagkaka-alagang medikal kapag magkakomplikasyon. Sa mga babaihang may malaking peligrong magkakomplikasyon, ang pag-aalaga ng pangkat ng mga komadrona ay parte ng ibat-ibang uri ng pagkaka-alaga kasama na ang mga kinakailangang kadalubhasaang medikal.
- Pagkaka-alaga sa Birth Centre – Nagbibigay ng partikular na pilosopiya ng pagkaka-alaga sa mga kababaihan na tinatayang maliit ang peligrong magkakomplikasyon. Ang pilosopiya ng pakaka-alaga ay kadalasang kasama ng isang pamamaraang nakasentro sa pamilya, kasali ang mga magulang sa pagdesisyon, pagbawas ang panahong nakahiwalay sa pamilya at pagtaguyod sa maayos na pagbabalik sa bahay; pagsuporta sa mga komadrona bilang pangunahing tagapag-alaga; ang pagtaguyod ng pagdadalantao at panganganak bilang isang malusog na bahagi ng buhay sa karamihang kababaihan at hindi ito nangangailangan ng malaking pakikialam. Ang pagkaka-alaga ay gagawin sa isang tagong bahagi ng ospital, kadalasang katabi ng pagsilangang silid, o isang gusaling hiwalay sa ospital na may isa o higit pang pagsilangang silid, na inayos parang sa bahay na may katabing paliguan at kusina at salas para sa lahat.
- Pagkaka-alaga mula sa komadrona ng komunidad – Ang pagkaka-alaga ng komadrona na nakatalaga sa komunidad, sa pakipagkonsulta at kooperasyon ng medikal at iba pang uri ng serbisyo. Ang mga kababaihang tinatayang maliit ang peligrong magkakomplikasyon ay aalagahan ng isang komadrona (o pangkat ng mga komadrona) sa komunidad, katulad ng Community Health Centre, manganganak sa ospital o sa bahay sa pag-aasikaso ng komadrona at aalagaan ng komadrona pagkatapos manganak at makalabas sa ospital.

- Panganganak sa bahay – Ang mga kababaihang gustong manganak sa bahay ay pangkaraniwang aalagahan sa pagdadalantao at panganganak ng pangkat ng isang lokal na doktor at komadrona. Kung kinakailangan siyang ipasok sa ospital para manganak, ang komadrona ay karaniwang susuporta sa lokal na doktor sa pagpapasilang.

"Ang mga pagpipilian o modelo ng pagkaka-alaga ay hindi nakakamit ng lahat: mas maraming modelo ang nasa kalunsuran kaysa sa mga kanayunan, ang pagkalahatang pagkaka-alam sa komunidad tungkol sa mga ibat-ibang modelo ay limitado at ang pagkakaroon ng mga ito ay maaaring nagigipit dahil sa mga kadahilanang katulad ng halaga, limitasyon sa batas tungkol sa maaaring magawa ng komadrona, ang peligro sa medikal at kung nababagay sa lipunan at kultura". (Health Department Victoria, 1990; Having a baby in Victoria, final report of the ministerial review of Birthing Services in Victoria, chapter 3, pp24-59). May mga propesyonal na makatulong sa inyong pagkaka-alam sa mga pagpipilian sa pagkaka-alagang nasa inyong Shire at sa labas ng Rehiyon ng Hume.
itaas

Pagkaka-alaga mula sa komadrona ng komunidad –
Ang pagkaka-alaga ng komadrona na nakatalaga sa komunidad, sa pakikipagkonsulta at kooperasyon ng mga medikal at iba pang uri ng serbisyo. Ang mga kababaihang tinatayang maliit ang peligrong magkakomplikasyon ay aalagahan ng isang komadrona (o pangkat ng mga komadrona) sa komunidad katulad sa Community Health Centre, manganak sa ospital o sa bahay sa tulong ng komadrona at aalagaan ng komadrona pagkatapos manganak at makalabas sa ospital.
itaas

Patuloy na Pagkaka-alaga –
Kadalasan, ang mga babaeng naalagahan mula sa isang nangungunang tagapag-alaga o sa isang maliit na pangkat ay lalong nasisiyahan sa tinamong pagkaka-alaga. Maaaring ito ay kasama sa patuloy na pag-kaka-alaga at ang pagkakataong magkaroon ng pagkakaugnayan sa mga nag-aalaga.
itaas

Mga Pagbibisita sa Bahay –
Ito ay pagbibisita ng isang komadrona sa inyong bahay pagkarating ninyo at ang inyong anak mula sa ospital. Sa pagbibisitang ito, maaari ninyong pag-usapan ang anumang kahirapan habang nasa bahay na kayo , pati na ang kahirapan sa pagpapasuso o pagpapatulog sa bata gayon din sa pagkakaroon ng madaliang pagpapatsek-up. Ang babae man ay pinauwing maaga o hindi, lahat ay mabibigyan ng isang pagbibisita sa bahay. Ito ay sa pagtutustus ng Department of Human Services. Sa Victoria Study, ang karamihang kababaihang kinapanayam ay nagsabi ng kasiyahan sa serbisyo at nagrerekomenda nito. (Health Department Victoria, 1990, having a baby in Victoria, Final report of the ministerial review of birthing services of Victoria, Health Department Victoria, p118)
itaas

Pagkaka-alaga ng doktor –
Ang mga babae ay pupunta para sa pagkaka-alaga bago manganak sa mga pangkaraniwang doktor at sila ay ma-eskedyol para manganak sa ospital kung saan makapasok ang kanyang doktor. Ang lokal na doktor ang mag-asikaso at bibisita sa ospital pagkatapos manganak. Ang mga komadrona sa ospital ang mag-aalaga sa kanya sa panganganak at sa pang-araw-araw napagkaka-alaga sa ospital pagkatapos manganak.
itaas

Panganganak sa bahay –
Ang mga kababaihang gustong manganak sa bahay ay pangkaraniwang aalagahan sa pagdadalantao at panganganak ng isang lokal na doktor at kumadrona. Kung ang babae ay kinakailangan ipasok sa ospital para manganak, ang komadrona ay karaniwang susuporta sa lokal na doktor sa pagpapasilang.
itaas

Tagapayo sa Pagpasuso -
Ito ay isang tauhang pangkalusugan na nakapagtapos ng isang natatanging pag-aaral tungkol sa pagpasuso. Mayroon siyang pinakahuling kaalaman tungkol sa pagpasuso at kamulatan sa karaniwang kaalaman at ginagawa tungkol sa pagpasuso kasama ng mga ibat-ibang kultural na kagawian sa pagpasuso. Ang tagapayo sa pagpasuso ay maaaring magbigay-gabay tungkol sa mga nakakatulong na serbisyo, samahan at babasahin para sa mga bagong ina. Makakatulong siya sa mga kababaihan sa matagumpay na pagpasuso at sasagot sa mga pag-aalala o problema ng mga kababaihang nagbabalak na magpasuso. (Mula sa DHS, 1998, "Promoting Breastfeeding"- Victorian Breastfeeding Guidelines)
itaas

Lubos na kalungkutan pagkatapos manganak –
Isang kondisyon na nakikita sa pagdaramdam, pag-aamin ng pagkakasala, Pagkakawalang-silbi at pagka-maaalahanin; pag-iisip ng pagtitiwakal at kamatayan, kahirapang magkonsentrasyon at magdesisyon; pagka-walang-ganang kumain at matulog; at kawalan ng interes at sigla. Itong mga simtomas ay hindi nagbabago at maaaring magkakaiba ang kalala sa maraming taon. Ang lubos na kalungkutan ay sinasamahan ng marami pang simtomas na hindi maintindihan at nakakagapi sa mga kababaihan. (Milgrom J, Martin P and Negri L, 1999, Treating Postnatal Depression, Wiley & Sons, England),
itaas

Mga Modelo sa Pagkaka-alaga -
Ang mga ibat-ibang kaayusan sa pagkaka-alaga habang nagdadalantao at manganak. Tingnan ang Mga Pagpipiliang Pagkaka-alaga.
itaas

Pagtasa ng Peligro – Kasama nito ang pagrerepaso sa mga nakaraan at kasalukuyang kadahilanan, karamihan tungkol sa medikal at panganganak, ngunit kung minsan ay pati na rin ang mga pang-sosyal na bagay. Ang mga kadahilanang ito ay maaaring makapagbibigay ng dahilang kinakailangan ang sabay na pagkaka-alagang pangmedikal habang nagdadalantao. Maaaring may mga kondisyon na nagpapasabi ng mga maaaring komplikasyon sa pagdadalantao o kasama sa mas mataas na peligro ng pagkamatay ng bata sa sinapupunan. Kadalasan na ang pagtatasa ng peligro ay magpatuloy habang nagdadalantao at sa panganganak kasama ng pagpapakonsulta at pagpapakita sa ibang tagapag-alaga kung magkakaroon ng komplikasyon at maiiba ang katayuan sa peligro. (Health Department of Victoria, 1990, Having a baby in Victoria p. 44/45). Kung minsan ang pagtasa ng peligro ay napakaimportante, katulad sa mga maliliit na ospital sa kanayunan na kung saan maaaring walang mga dalubhasang naroon.
itaas

Tulungang pagkaka-alaga –
Ito ay napagkasunduang kaayusan sa pagitan ng isang ospital sa panganganak at ang inyong lokal na doktor o Community Health Centre sa pagbigay ng pagkaka-alaga bago

manganak at pagkatapos manganak. Paminsan-minsan ang pag-aalaga ay pagtulungan ng isang doktor na dalubhasa sa pagpanganak, lokal na doktor at ospital. Ang mga kababaihan ay pupunta sa lokal na doktor sa karamihang pagkaka-alaga bago manganak, magsilang sa ospital at babalik sa kanilang lokal na doktor pagkalabas sa ospital.
itaas

Pagkaka-alaga ng dalubhasa sa panganganak –
Ang mga kababaihan ay pupunta sa isang doktor na dalubhasa sa panganganak para sa pagkaka-alaga bago manganak at magsilang sa pampubliko o pribadong ospital kung saan tinatanggap ang dalubhasa sa panganganak. Ang doktor na dalubhasa sa panganganak ang magpapa-anak at bibisita sa ospital pagkaanak. Ang mga komadrona sa ospital ay mag-aalaga sa kanya sa panganganak at sa pang-araw-araw na pagkaka-alaga habang nasa ospital.
itaas

Pangkaraniwang pagkaka-alaga sa pampublikong ospital –
Ang mga kababaihan ay pupunta sa ospital para sa lahat ng mga aspeto ng pagka-alaga (bago manganak, sa panganganak at pagkaka-anak). Sila ay aalagaan ng mga tauhan ng ospital.
itaas

Pagkaka-alaga ng pangkat ng mga komadrona –
Tinatanggap ng konseptong ito ang patuloy na pagkaka-alaga sa kahabaan ng pagdadalantao, panganganak at pagtira sa ospital. Isang pangkat ng mga komadrona ang mag-aalaga sa mga kababaihan habang nagdadalantao at manganganak. Sa mga kababaihang may mababang peligrong magkakomplikasyon, ito ang kanilang pangunahing pagkaka-alaga, at sila ay pupunta lamang sa pagka-alagang medikal kapag magkakomplikasyon. Sa mga kababaihang may mataas na peligrong magkakomplikasyon, ang pag-aalaga ng pangkat ng mga komadrona ay parte ng ibat-ibang uri ng pagka-alaga pati na ang mga kinakailangang kadalubhasaang medikal.
itaas